

## Nangununa sa Panlahing Hustisya sa King County

Noong Hunyo 11, 2020, ang King County Executive na si Dow Constantine, at ang Direktor ng Pampubliko ng Kalusugan, Patty Hayes, ay [ipinahayag ang rasismo bilang pampublikong krisis](#). Ito'y tugon sa panawagan mula sa pamayanan upang kumilos at maiangat ang buong King County sa mas mataas na pamantayan.

Ang King County ay nakahandang magbigay ng mga mapapagkunan ng mga kinakailangan upang karampatang matugunan ang mga nakasisirang epekto ng rasismo at isagawa ang lahat ng mga kinakailangang gawin, pangmatagalan, upang lumikha at magdulot ng makabuluhang pagbabago.

### Ang mga panatang ito ay batay sa mga sumusunod na mga pamantayan:

- Maging sadyang kontra-rasista
- Ituon ang pagsisikap sa mga bagay na nakakasama sa mga Itim at sa mga Indigenous People of Color (BIPOC)
- Isentro ang mga hinaing sa mga naranasan at pamumuhay ng mga BIPOC
- Maging pantay na pagtugon, naaangkop, aninag at handa sa pananagot
- Tugunan ang mga ugat ng kawalan ng hustisya at hindi makatarungang lahi

Mula ng ito ay maideklara, sa pakikituwang sa mga tagapagtaguyod ng sistema, mga miyembro ng pamayanan, at mga lingkod bayan sa pamamagitan ng gobyerno ng King County, si Executive Constantine ay gumawa ng mga panukala upang baguhin ang sistema ng hustisyang kriminal, at pondohan ang mga patuloy na gawain upang harapin ang [rasismo bilang pampublikong krisis](#).

Sa kasalukuyan, si King County Executive, Dow Constantine, ay nagbalangkas ng mga pangunahing pamuhunan at mga pagbabago sa sistema ng hustisyang kriminal, at pati na rin ang pangunahing pagpopondo ng mga gawain para sa kontra-rasismo. Ang detalye ng patakaran ay ilalabas pagkatapos ipahayag ang badyet sa susunod ng Linggo.

Ang 2021-2022 badyet ay nakasentro sa reporma ng sistema ng hustisyang kriminal upang maiwasan ang pagbabalik ng mga kriminal sa dati nilang gawi at tapusin ang pagkakasangkot ng mga kabataan at mga matatanda sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga alternatibong modelo ng pampublikong kaligtasan, kasama ang pamayanan upang lumikha ng mga solusyon, pondohan ang mga kasalukuyang gawain ng mga mabisang pampamayanang organisasyon, at suportahan ang mga empleyado ng BIPOC.

Sinasalamin ng badyet ang mga halaga. Ang panukalang 2021-2022 badyet ay may kasamang mga pamuhunan na binibigyan diin ang makatarungang hustisya at bibigyang halaga ang mga mapagkukunan upang matugunan ang mga pangangailangan sa sa madalas na hindi makatuwirang epekto sa mga itim at mga Indigenous People of Color sa King County.

### 2021-2022 Badyet at Mga Alintuntunin sa Paggawa ng mga Patakaran:

- Manguna sa panlahing hustisya, unahing pakinggan ang mga hinaing at mg karanasan ng mga higit na apektado
- Siguraduhin na ang mga Itim, ang Indigenous, and People of Color ay kumakatawan sa lahat ng antas ng mga desisyon
- Ilaan ang pondo ng mga pulis at ligal na sistema sa pamuhunang pang pamayanan

- Mamuhunan sa mga samahang batay sa pamayanan at pakikipagsosyo
- Hinihimok ng mga Patakaran ng Pamayanan at mga Priyoridad sa Badyet

Ang kasalukyang mga panukala sa badyet ng County isinasama na ang paunang bayad para sa pangmatagalan at permanenenteng paglilipat sa operasyon ng County upang ipakita ang kontra-rasistang priyoridad at pagpapahalaga. Higit sa maraming mga cycle ng badyet, ang pagsisikap na ito ay muling babaguhin ang mga mapagkukunan ng mga serbisyo upang maipabatid ang mga problema sa mga programa ng mga nakaraang pamumuhunan.

Layon nitong palakasin ang mga pagsisikap ng pamayanan upang pigilan ang pangangailangan ng interbensyon sa hinaharap at itaguyod ang kagalingan ng pamayanan. Ang patuloy na pangmatagalang pagsisikap ay maglilipat ng mga mapagkukunan mula sa mga hindi makatarungang sistema, mga patakaran at programang pumipinsala sa BIPOC upang maipuhunan ang mga mapagkukunan tungo sa mga programa ng pamayanan at interbensyon.

Para sa bawat panukalang badyet, si King County Executive, Dow Constantine, ay sumangguni sa mga kasapi at mga miyembro ng pamayanan. Gayunpaman, ang naihandang plano na ihaharap sa susunod na linggo ay may higit na kahulugang iginigiit at sa pakikipagtulungan, partikular na ito ang pag reporma sa sistemang ligal sa kriminalidad at pangunahin din ang mga gawain ng kontra-rasismo.

And badyet na ito ay binubuo ng tatlong pangkalahatang layunin: mamuhunan, magtanggap at muling mangarap.

#### **Mga Aksyon sa 2021-2022 Badyet:**

- Tanggalin ang \$4.6 milyon sa marijuana tax revenue
- Mamuhunan ng \$6.2 milyon sa Restorative Community Pathways
- Mamuhunan ng \$750,000 na libo upang makalikha at mapatupad ang alternatibo sa paggawa ng patakaran sa urban incorporated ng King County
- Tanggalin ang \$1.9 milyon sa detensyon sa pamamagitan ng patuloy ng paglalagay ng mga limitasyon sa populasyon ng bilanguan
- Mamuhunan ng \$600,000 na libo sa isang panrehiyong pagpapatupad upang tumugon laban sa karahasan sa paggamit ng baril
- Mamuhunan ng \$2.7 milyon upang maisaayos ang mga pagsasampa ng kasong kriminal sa unang pagkakataon sa hukuman, mag-alok ng mga serbisyo upang masawata ang paulit-ulit at grabeng pagkakasala
- Mamuhunan sa sentrong komunidad ng Skyway
- Paghusayin ang pagpapatupad ng pamasaha sa Metro

Tayo ay magpapatuloy na sama-samang lilikha at gamit ang mga solusyon galing sa pamayanan habang tayo ay namumuhunan. Ang sadyang, pangmatagalang paglilipat ng mga mapagkukunan at priyoridad ay lilikha ng mas malusog, mas masaya, mas ligtas at maupang pamayanan na nakaugat sa makatarungan at hustisyang lahi para sa lahat ng BIPOC na nakatira sa King County.

Basahin ang [Executive Press Release](#) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ito at iba pang mga panukala bilang bahagi ng mga pangako ng King County na maging makatarungan sa mga lahi.

Ang mga importanteng bagay ay isasama sa iminungkahing 2021-2022 Badyet na ipapakita ni Executive Constantine sa King County County Council na may pormal na talumpati sa Setyembre 22.

Kasunod sa anunsyo ng badyet sa Setyembre 22, isang grupo mula sa King County ay makikipag-ugnayan sa pamayanan at mga organisasyong nakabatay sa pamayanan upang humingi ng payo para sa patakarang agenda at kung paanong mabisang isulong ang karampatang panlahi.

Sa Nobyembre, ang Konseho ng King County ay aaprubahan ang badyet at tutukuyin kung aling mga panukala ang nararapat tatanggapin.

**Balangkas ng Patakaran:**

Mahalaga ang patakaran sapagkat ito ay nakakaapekto ng buhay ng mga tao. Mula sa paaralan sa transportasyon patungo sa negosyo at sa pagitan ng lahat ng ito, mga patnubay sa pampublikong patakaran, mga programa, at mga sebisyo ay direktang nakakaapekto sa mga miyembro ng pamayanan ng King County. Ang pampublikong patakaran ay maaring mabisa ang paglutas ng hamon at nakakapagpabuti ng kalidad ng pamumuhay, habang sa kabila naman, maarin din itong makapinsala ng indibidwal at pamayanan.

Binibigyan ng priyoridad ang mga sumusunod na patakaran upang isulong ang kapangyarihan, kaunlaran, at ang kabutihan para sa mga Itim at Indigenous People of Color para ang lahat ng residente ng King County at pamayanan ay umunlad. Mas marami pang mga malalim na aksyon at komprehensibong patakaran ay ibabahagi sa mga susunod na mga linggo.

- sistemang ligal sa kriminalidad
- kaunlarang pangkabuhayan
- Pampublikong kalusugan, Kalusugan sa Pag-uugali, at Pabahay
- Imprastraktura, Kapaligiran

Ang mga karagdagang detalye, patakarang agenda, programa, at tiyak na impormasyon sa pamumuhunan ay makikita sa [Office of Performance, Strategy and Budget](#) website kasunod sa paglalabas ng 2021-2022 badyet sa Setyembre 22.